

## Si Joseph At Ang Kanyang

### Mga Kapatid

(Genesis 37)

Si Joseph ay isa sa labing-dalawang anak na lalaki ni Jacob. Sa labing-dalawa, mas mahal ni Jacob si Joseph kaysa



ibang mga anak niya sapagkat matanda na siya nang ito ay isinilang. Iginawa ni Jacob si Joseph ng balabal na may maraming kulay na siyang naging dahilan para magalit sa kanya ang kanyang mga kapatid.

Minsan nanaginip si Joseph at ikinuwento niya ito sa kanyang mga kapatid. "Napanaginipan ko na tayo ay nasa bukid at nagtatali ng trigo. Tumayo ang aking itinaling trigo at yumuko naman sa paligid nito ang sa inyo."

"Ang ibig mo bang sabihin ay maghahari ka sa amin?" tanong nila. Kaya lalo pa silang nagalit kay Joseph.

Muling nanaginip si Joseph at ikinuwento sa mga kapatid ang ganito: "Nakita ko sa aking panaginip na ang araw, ang buwan at labing-isang bituin ay yumuko sa aking harapan." Sinabi rin niya ito sa kanyang ama at ito ay nagalit din sa kanya.

Inggit na inggit kay Joseph ang mga kapatid. Inisip-isip namang mabuti ng kanyang ama ang mga bagay na ito.

Isang araw inutusan si Joseph ng kanyang ama na puntahan ang kanyang mga kapatid upang makita ang kalagayan nila sa lugar na kanilang pinagpapastulan. Ipinagbilin niya sa anak na bumalik agad

upang malaman niya. Lumakad si Joseph at sinunod ang inutos ng ama.

Malayo pa lang ay natanaw na siya ng kanyang mga kapatid. Nagkaisa silang patayin si Joseph at ihulog siya sa balon at sabihing siya ay napatay ng mabangis na hayop. Nang marinig ni Reuben ang kanilang balak, hindi siya pumayag. Sinabi niya na huwag nilang papatayin o sasaktan si Joseph at sa halip ay ihulog na lang siya sa balon, sapagkat balak niya itong iligtas.

Paglapit ni Joseph, hinubad nila ang balabal nito at hinulog siya sa balon. Natanaw ng magkakapatid ang isang pangkat ng mga lalaking Ismaelita papalapit sa kanila. Sinabi ni Juda na mas mainam na ipagbili na lamang si Joseph sa halip na patayin. Iniahon nila si Joseph mula sa balon at ipinagbili sa mga mangangalakal sa halagang 20 pirasong pilak.

Inuwi ng magkakapatid ang damit ni Joseph na puno ng dugo at ipinakita ito sa kanilang ama. Nakilala ni Jacob ang damit at inisip na ito ay pinatay ng isang mabangis na hayop. Nagdalamhati si Jacob sa pagkamatay ng kanyang anak.

Samantala, si Joseph ay nakarating sa Egipto.

Ang Diyos ang ating tagapag-ingat. Hindi Niya hinayaan na patayin ng mga kapatid o manatili si Joseph sa balon. Pinayagan ng Diyos na mangyari ang mga naganap sa buhay ni Joseph ngunit nasa ilalim pa rin ng Kanyang pag-iingat. Ikaw ba ay naniniwala na iniingatan ka Diyos sa lahat ng pagkakataon?

